DepEd Advisory No. 308, s. 2015
October 10, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

AMBAGAN 2015: PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGLIKOM NG MGA SALITA MULA SA IBA'T IBANG WIKA SA FILIPINAS

Ang Filipinas Institute of Translation (FIT) Inc. na isang samahang pangkultura na itinatag ng mga respetadong manunulat at tagasalin noong 1997, at tagapagtaguyod ng mga pagsasanay at pagpapahusay ng kaalaman sa pagsasalin, at mga gawain kaugnay ng wika at kultura, ay magdadaos ng *Ambagan 2015: Pambansang Kumperensiya sa Paglikom ng mga Salita Mula sa Iba't Ibang Wika sa Filipinas* simula ika-25 hanggang 27 ng Nobyembre, 2015 sa Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon.

Ang pangkalahatang layunin ng kumperensiya ang makatulong sa pagpapayaman ng wikang Filipino sang-ayon sa itinakda ng Konstitusyon na pagpapaunlad ng wikang pambansa batay sa umiiral na mga wika sa Filipinas sa pamamagitan ng pagkatas sa mga pangunahing wika sa Filipinas at maipasok sa korpus ng wikang Filipino at gayundin, makatulong ang kaalamang matututuhan sa iba't ibang wika bilang pantulong sa pagtuturo lalo na sa batayang edukasyon. Sa espesipiko, layunin nito ang mga sumusunod:

1. kilalanin ang probisyong pangwika ng Konstitusyong 1987, Artikulo XIV, Seksiyon 6 na: "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika;"
2. mapanukala ng isang estratehiya sa pagpapayaman ng wikang Filipino- ang paghalaw mula sa kaban ng bokabularyo ng iba't ibang wika sa Filipinas upang ilahok sa korpus ng wikang pambansa; at
3. maitampok ang mga salitang may natatanging kahulugan sa kultura at kasaysayan ng grupong etnolingguwistiko;

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan ng Kagawaran ng Filipino sa bawat paaralan ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito. Maaari ding dumalo ang mga iskolar, estudyante ng wika, araling Filipino, lingguwistika, *lexicography*, antropolohiya, at mga kaugnay na disiplina sa lahat ng antas ng pag-aaral.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Maaaring ipadala ang reserbasyon bago sumapit ang *ika-13, ng Nobyembre 2015*.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan kay:

Dr. Galileo S. Zafra
Direktor ng Kumperensiya
Filipinas Institute of Translation (FIT) Inc.
Room 2082 Faculty Center, College of Arts and Letters
UP Diliman, Lungsod Quezon
Telepono: (02) 547-1860
Telefax: (02) 981-8500 lokal 2250
Mobile Phone: 0925-710-2481; 0917-583-9524
Email: ambagan2013@gmail.com; filipinas.translation@gmail.com

Alma/DA ambagan
0650-October 5/14, 2015